# Nais ko kayong hikayatin! Ang mensahe galing sa Obispo

Ang kagalanggalang na Obispo Mario Michiaki Yamanouchi, ang Obispo ng Saitama

Nag-aalay ako ng misa sa maliit na kapilya sa bahay ng Obispo bawat umaga. Kahit wala kayo subalit dama ko ang inyong presensiya na nag-alay ng misa kasabay ko. Alam ko na nais ninyong dumalo sa misa kasama ako sa lalong madaling panahon kaya inialay ko ang misa para matapos na ang pagkalat ng Novel Corona Virus.

Iniisip ko rin ang mga bata na hindi makapasok sa paaralan at sa mga kabataan at sa lahat na nawalan ng trabaho dahil nagsara ang mga negosyo at sa lahat na nawalan ng tirahan. Ngunit gumagawa pa rin sila ng paraan upang mapigilan ang pagkalat ng virus. Ngayon tayo na naman ang mag-isip kung ano ang magagawa ng Simbahan para sa kanila at sa paghihirap ng lipunan. Sinusulat ko ang sumusunod na mensahe para sa inyo.

**Ano ang pananampalataya na ating natanggap? Maliit ba o mahina?**

Maaring ang iba sa inyo ay nag-alala sa simbahan at sa inyong pananampalataya dahil hindi kayo nakadalo ng matagal na panahon sa misa. Ngunit ako ay hindi masyadong nag-alala. Nasabi ko ito dahil alam ko ang situwasyon sa mga simbahan sa South America. Maaring hindi kapanipaniwala ngunit naisip ko na hindi marami sa mga tao na galing South America ang hindi regular na dumalo sa misa sa linggo noong sila ay nanirahan doon. Noong pumunta sila sa Japan dala ang kanilang maliit na Katolikong populasyon, natagpuan nila ang Katolikong Simbahan at dumalo sa misa tuwing linggo, sila ay nagalak dahil hindi lubusang nawala ang kanilang pananampalataya.

Ipinaalala ko sa inyong mga Katoliko dito sa Japan na hindi nawalan ng kanilang Katolikong pananampalataya noong panahon ng matinding pag-uusig na tumagal ng 250 taon na walang mga pari, misa at mga sakramento. Hindi tayo dapat mag-alala.

**Ito ang panahon ng mga pagsubok, at ito rin ang panahon ng biyaya ng Diyos.**

Sa isip ko, ito nga ang panahon ng pagsubok na hindi natin lubos maisip. Ngunit naramdaman ko na ito rin ay panahon ng biyaya ng Diyos na higit pa sa lahat.

Ang ating Panginoong Hesukristo ay nagpa-alala sa atin sa mga bagay na ito.

Una sa lahat, dahil sa paglaganap ng impeksiyon ng Novel Corona Virus, ay hindi natin magawa ang mga sumusunod na noon ay hindi natin binigyang pansin.

- Hindi tayo makadalo sa misa, makatanggap ng Kumonyon at Sakramento ng Kumpisal sa mahabang panahon. Subalit, maaring tatanungin o sasabihan kayo ni Hesus sa mga sumusunod:
- Bakit mo iniisip na hindi mo maialay ang iyong mga panalanging pasalamat at papuri sa Diyos na hindi dumalo sa misa sa linggo?
- Maari ninyo akong makita kahit saan kahit sa panahon na hindi kayo makatanggap ng Komunyon dahil palagi akong nakipaglakbay sa inyo. Bakit kayo nalulungkot o nawawala?
- Bakit hindi ninyo hingin ng diretso sa Diyos Ama na patawarin kayo sa inyong mga kasalanan?

Ito marahil ang pagkakataon na binigay ng Diyos para sa iyo na tanungin ang inyong sarili ukol sa inyong pananampalataya o magtanong kung totoong isinabuhay mo ba ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng pananalig sa Diyos Ama at Hesus at ng Banal na Espiritu?

Kaya nais ko na ang kasalukuyang panahon ay para mag-isip tungkol sa mga sumusunod na mga bagay.

- Dahil hindi kayo makakatanggap ng mga sakramento, subukan na ang kasalukuyang panahong ito ang pagkakataon upang mag-isip ng malaliman na ituon ang pansin sa kakulangan at mga biyaya ng sakramento.
- Dahil hindi mo makakasama ang iyong mga kaibigan sa simbahan, isipin natin ng lubos ang kahalagahan ng komunidad at mga biyaya.

**Ang biyayang mabigyan pansin ang mga mahalagang mga bagay.**

Meron akong ibang dahilan na ito ay panahon ng biyaya ng Diyos na ang paglaganap ng Novel Corona Virus ay upang bigyan natin ng pansin ang mga mahalagang bagay na hindi natin binigyang pansin kahit pinaalalahanan tayo ni Hesus. Gaya ng:

- Naligaw tayo sa mababaw na kayamanan ng globalisasyon ng mundo na palaging nagbabago, kaya hindi natin bingyang pansin ang katotohanan na ang “mundo ay tahanan ng ibat-ibang nilalang” kahit pina-alalahanan na tayo ng Santo Papa sa kanyang encyclical.
- Nalaman na natin na ang ating tahanan ay tahanan na rin ng nakakatakot na virus.
- Sa tahanan nating ito, nananahan ang hindi mabilang na mga tao na nagdurusa, na ang kanilang reyalidad at hinagpis na tumutuligsa sa atin. Alam din natin na pag mayroong matinding kalamidad gaya ng paglaganap ng Novel Corona Virus ay maraming tao ang maging biktima at magdusa sa mga sakuna.

- Alam na natin na tayo na naninirahan sa tahanang ito, ang mundo ay kailangang magsuporta sa bawat isa dahil parehas ang ating karanasan at pagdurusa. Naramdaman na nating mga Kristiyano ang kalakasan na magkaisa kay Kristo bilang isang pamilya na minamahal ng Diyos.

**Ito ang panahon na makasama si Hesus.**

Hindi ito panahon ng pagluluksa kundi panahon ng biyaya ng Diyos at maging panahon ng pagkabuhay.

Ang mga disipulo ni Hesus ay minsan nagsara ng pintuan dahil takot sa mga tao at nanghina dahil sa pagkamatay ni Hesus dahil hindi sila naniwala sa muling pagkabuhay. Ngunit si Hesus, ang nabuhay na Panginoon, ay unang pumunta sa Galilea at hinintay sila. Kagaya nila panahon na tayo ay muling tumindig.

Sa panahon ng paghihinagpis at kalungkutan, ang pag-alala kay Kristo na tahimik na naglalakbay sa daan ng kalungkutan tungo sa krus at inialay ang buhay para sa kapatawaran ng kasalanan, nais nating maglakbay kasama siya. Wala akong pagdududa na ang nabuhay na Panginoon ay kasamang naglakbay sa atin. Naniniwala ako na kabahagi ko kayo sa pananampalatayng ito.

**Pagtatapos,**

Napakahirap isipin na sa kasalukuyan, ngunit segurado ako, na darating ang panahon na ang Obispo, mga pari, mga relihiyoso at lahat ng mananampalataya ay muling magkakatipon upang ipagdiwang sa madaling panahon ang misa na walang pag-aalinlangan. Ang aking inaasam-asam ay ang panahon na madalaw ko kayong muli sa inyong mga parokya sa lalong madaling panahon at sama-samang manalangin at magbahaginan kung papaano tayo magka-isa kay Kristo, pagbabahagi ng mga karanasan at napagtagumpayan ang kahirapan. Sama-samang manalangin kasama ako sa Diyos Ama at mas lalong palakasin ang pananalig sa Kanyang Awa at alalahanin ang lahat sa pamamagitan ng panalangin ng Mahal na Birheng Maria, na ang ating maawaing Diyos ay magbigay ng walang hanggang kapayapaan sa lahat ng mga pumanaw na biktima ng sakit kahit sa kabila ng pagsisikap ng mga medical na mga propesyonal at ipinauli ang buhay ng lubusan para sa mga nahawa o patuloy na nagdurusa at ang Diyos ang lubusang mamahala sa kasalukuyang situwasyon sa buong mundo.

Kay Kristo.